# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 26, 2024, LUNES, IKA-9:37 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

RECORDED 26 MAR 2024

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 032724 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 172-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 165-T2023/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 12-T2023 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG LIBO TATLONG DAAN APATNAPU'T SIYAM NA PISO AT ANIMNAPU'T LIMANG SENTIMOS (P1,349.65) MULA SA DALAWANG BAHAGDAN (2%) PONDO PARA SA DISCRETIONARY FUND NG BARANGAY SAN PABLO SUR, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT**, may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur para sa Discretionary Fund sa taong 2024;

**SAPAGKAT**, ang nasabing pondo ay upang magamit sa mga mahahalagang pang-opisyal na gawain ng nabanggit na barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 165-T2023/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 12-T2023 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P1,349.65 mula sa Dalawang Bahagdan (2%) pondo para sa Discretionary Fund ng Barangay San Pablo Sur, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS** : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 26, 2024.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

3/28/24

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

032024 280